# MANIPESTO NG MANGGAGAWANG PILIPINO
## Mayo 1, 2003

Maraming suliranin. Hirap sa trabaho. Bulusuk na pagtaas ng presyo ng gasolina at produktong petrolyo. Maliit na sahod, kakulangan ng trabaho, pandaigdigang pagbagal ng ekonomiya at kung anu-ano pa.

Nariyan ang giyera sa Iraq, ang sakit na SARS, mga sektor na nanggugulo sa bayan. Animo'y di na yata matapos ang mga suliranin ng mga manggagawa at ng bayan.

Walang tigil na bangayan ng mga pulitiko. Mga negosyanteng nagpapanukala ng kung anu-ano. Strike moratorium daw, bawasan ang suweldo, kontraktwalisasyon, ano ba ang mga ito. Puro pambubusabos! Di na namin mapagtanto.

Ang mga manggagawang Pilipino, mga OFWs, binansagang bagong bayani, patuloy pa ring sumisigaw, nananawagan, humihingi, ng respeto at katarungan.

Ngayon Araw ng Paggagawa, taong 2003, nagtatapos ang sentenaryo ng Kilusang Paggawa. Ano na ba ang ating narating? Mayroong bang nabago?

Sa halip na magpanukala ng panibagong pagpapahirap, mga kapitalista , nawa'y mabigyan ng liwanag. Ang mga manggagawa ay kaakibat sa kaunlaran. Dapat pakinggan!

Maraming suliranin. Samo't-sari. Mga isyung di malulutas nang madalian at tunggalian.

Sa aming mga kaakibat sa pamayanan, malaki ang mababago kung ang mga sumusunod ay mabibigyan kalutasan:

1. Mas maigting na pagpapatupad ng lahat ng batas sa paggawa, lalo na ang mga mga binansagang ILO core labor standards, kasama ang pagbabayad ng minimum wage, walang habas na tanggalan sa trabaho, pati na rin ang isyu sa remittance ng SSS, Philhealth at Pag-Ibig at pagbawi sa GSIS Memorandum Circular no. 1-002

2. Mabilis na resolusyon ng mga usad-pagong na kaso sa paggawa at bawasan pa ang mga regulasyon sa pag-uunyon

3. Proteksiyon ng mga lokal na industriya laban sa dumping, smuggling, at iba pang porma ng unfair trade competition at masusing pagrebisa ang mga trade commitments ng bansa kasama ng ang WTO, APEC at AFTA.

4. Pagseseguro ng proteksiyon ng mga OFWs, lalo na ang mga migrant health workers, at lalo ng mga manggagawa na ipapadala sa Iraq at iba pang bansa na may sigalot

5. Karagdagang benepisyo at kalingang pang-medikal at kalusugan at karampatang aksyon ukol sa mga nakahahawang sakit tulad ng SARS, HIV-AIDS, at mga tinatawag ng work-related diseases.

6. Eksempsiyon ng mga manggawang kumikita lamang ng P20,000 pababa sa pagbabayad ng witholding tax

7. Pagpapababa sa presyo ng petrolyo, koryente, lalo na ang pagrebisa ng di-makatarungan pagbabayad ng PPA.

8. Makabuluhan at permanenteng konsultasyon sa mga manggagawa sa pagbalangkas ng polisiya at batas. Pagtatalaga ng mga tunay na kinatawan ng manggagawa sa mga tripartite agencies.

9. Pagpapatupad ng mura at maayos na pabahay para sa manggagawa at mahihirap at ang pagbababa ng interes sa pautang

10. Promosyon at pagpapalakas ng mga workers enterprises at partisipasyon ng mga kooperatiba ng unyon sa mga economic activities na pag-aari ng bayan o ng mga bankong ari ng gobryerno

11. Pagsulong ng responsable at makabagong buhay pulitika na batay sa isyu at hindi personalidad, yaman, o impluwensiya. Kasama rin dito ang pagsusulong ng professionalism, efficiency, accountability, at transparency sa serbisyo.

12. Pagsasabatas ng anti-trafficking of women and children at laban sa karahasan sa bahay (domestic violence, sexual harassment) na matagal na ring nabinbin at pagpapalaganap ng oportunidad para sa kabuhayan at social protection para sa kababaihan

Sandaang taon na ang nakalilipas nang simulan ng kilusang manggagawa ang mahaba at makatwirang pakikibaka tungo sa kaunlaran at kulektibang kapangyarihan ng mga manggagawa.

Mula sa taong ito, at sa susunod na sandaang Araw ng Paggawa, ang kilusan ay patuloy na mangunguna sa pagsusulong ng pagbabagong panlipunan na may promosyon ng unawaan at diyalogo, tungo sa pagkamit ng tunay na malaya, makatarungan, at makataong bukas para sa mga manggagawa at sa buong bansa.

Mabuhay ang Manggagawang Pilipino!
Mabuhay ang Pilipinas

Labor Solidarity Movement (LSM)
Alliance of Free Workers (AFW)
Federation of Free Workers (FFW)
Trade Union Congress of the Philippines (TUCP)